7

# Lingguhang Aralin sa Values Education

Kuwarter 1

Linggo 2

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Gawaing Pampagkatuto sa Values Education**
**Kuwarter 1: Linggo 2**

Ang materyal na ito ay gagamitin lamang para sa pagtuturo ng mga guro at pagkatuto ng mga mag-aaral sa MATATAG K to 10 Kurikulum. Layunin nitong maging batayan sa paghahatid ng mga nilalaman, pamantayan, at kasanayang pampagkatuto ng kurikulum. Ipinagbabawal ang anumang hindi awtorisadong pagkopya, pagrebisa, paggamit o pagbahagi ng materyal na ito. Anumang paglabag o hindi pagsunod sa itinakdang saklaw ay maaaring magresulta sa kaparusahan alinsunod sa legal na hakbang.

Ang ilan sa mga akdang ginamit sa materyal na ito ay orihinal. Pinagsumikapan ng mga bumuo ng materyal na makuha ang pahintulot ng mga manunulat sa paggamit ng iba pang akda at hindi inaangkin ang karapatang-ari ng mga ito.

Tiniyak din ang kawastuhan ng mga impormasyong nasa materyal na ito. Para sa mga katanungan o puna, maaaring sumangguni sa Tanggapan ng Direktor ng Kagawaran ng Eduaksyon – NCR sa pamamagitan ng pagtawag sa mga numerong (02) 85229412 o pagpapadala ng email sa ncr@deped.gov.ph.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Patnugot: Sara Z. Duterte
Ikalawang Patnugot: Gina O. Gonong

**Bumuo ng Materyal**

| | |
|---|---|
| **Manunulat:** | Donah Jean S. Sales |
| **Content Reviewer:** | Edita T. Olan |
| **Tagaguhit:** | Jeewel L. Cabriga |
| **Tagalapat:** | Allan E. Medenilla, Patricia Ulynne F. Garvida |
| **Enhanced by:** | Perlita M. Ignacio, Irma C. Angkiangco |
| **External Content Validators:** | Nenita A. Sioson, Prudencia Martinez |
| **External Language Validators:** | Corazon G. Are |

**Namahala sa Pagbuo ng Materyal**

**JOCELYN DR ANDAYA** *CESO IV*, Regional Director
**CRISTITO A. ECO** *CESO III*, Assistant Regional Director
**MICAH G. PACHECO**, OIC Chief Education Program Supervisor
**ROLAND D. MONTES**, Regional GMRC/VE Education Program Supervisor
**DENNIS M. MENDOZA**, Regional LR Education Program Supervisor
**TOMAS C. GALIZA**, LR Education Program Supervisor

| MATATAG Kto10 Kurikulum<br>Lingguhang Aralin | Paaralan: | | Baitang: | |
|---|---|---|---|---|
| | Pangalan ng Guro: | | Asignatura: | |
| | Petsa at Oras ng Pagtuturo: | | Kuwarter: | |

| | UNANG ARAW | IKALAWANG ARAW | IKATLONG ARAW | IKAAPAT NA ARAW |
|---|---|---|---|---|
| **I. NILALAMAN, MGA PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYANG PAMPAGKATUTO NG KURIKULUM** | | | | |
| A. *Pamantayang Pangnilalaman* | Natututuhan ng mag-aaral ang pag-unawa sa dignidad ng tao bilang batayan ng paggalang sa sarili, pamilya, at kapuwa. | | | |
| B. *Pamantayan sa Pagganap* | Naisasagawa ng mag-aaral ang sariling kilos ng pagkilala sa dignidad ng sarili, pamilya, at kapuwa upang malinang ang pagiging magalang. | | | |
| C. *Lilinanging Pagpapahalaga* | Magalang (Respect) | | | |
| D. *Mga Kasanayang Pampagkatuto* | Natututuhan ang masusing paghuhusga sa pamamagitan ng pag-iisip nang mabuti at pagtingin sa katotohanan at kabutihan sa isang sitwasyon<br>A. Natutukoy ang mga katangian, gamit at tunguhin ng isip at kilos-loob.<br>B. Naipaliliwanag na ang gamit ng isip at kilos-loob sa sariling pagpapasiya at pagkilos ay ang nagsisilbing gabay sa pagpili at pagkilos alinsunod sa katotohanan at kabutihan, dahil ang mga ito ang nagpapabukod-tangi sa kaniya sa ibang nilalang.<br>C. Nailalapat ang wastong gamit ng isip at kilos-loob sa mga sariling pagpapasiya at pagkilos alinsunod sa katotohanan at kabutihan. | | | |
| E. *Mga Layunin* | a. Natutukoy ang kahulugan ng dignidad<br>b. Nakikilala na ang dignidad ay ang batayan ng paggalang sa sarili, pamilya, at kapuwa.<br>c. Nasusuri ang kaugnayan ng isip at kilos-loob | d. Naipaliliwanag na ang dignidad ng tao bilang batayan ng paggalang sa sarili, pamilya, at kapuwa ay ang nagpapantay-pantay sa lahat ng tao dahil sa taglay niyang isip at kilos-loob, at ito ang nagbubunsod sa kaniya na gumawa nang mabuti. | g. Nakikibahagi sa mga gawaing magpapabuti sa sarili, pamilya, at kapuwa.<br>h. Naiuugnay ang paggalang sa dignidad ng kapuwa ay | i. Nakapaglalapat ang mga sariling kilos ng pagkilala sa dignidad ng sarili, pamilya at kapuwa.<br>j. Napatutunayan na ang paggalang sa kapuwa ay makatutulong sa kabutihang panlahat. |



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | sa dignidad ng tao. | e. Nakapaglalapat ng mga kilos ng pagkilala sa dignidad ng sarili, pamilya, at kapuwa.<br>f. Nakagagawa ng mga paraan na nakapagpapakita ng paggalang sa iba't ibang uri ng sitwasyon. | paggalang din sa sariling dignidad. | |
| *F. Disensyong Instruksyunal* | Inclusive, Integrative, Ideational, Innovative | Inclusive, Integrative, Ideational, Innovative | Inclusive, Integrative, Ideational, Innovative | Inclusive, Integrative, Ideational, Innovative |
| *G. 21st Century Skills* | Interactive Communication, Communication Skills, Reflective Thinking, Critical Thinking, Interpersonal Skills | Interactive Communication, Communication Skills, Interpersonal Skills, Reflective Thinking | Interactive Communication, Communication Skills, Interpersonal Skills, Reflective Thinking, Teamwork, Collaboration | Interactive Communication, Communication Skills, Reflective Thinking, Critical Thinking, Interpersonal Skills, Intrapersonal Skills |
| **II. NILALAMAN/PAKSA** | **Dignidad ng Tao Bilang Batayan ng Paggalang sa Sarili, Pamilya, at Kapuwa** | | | |
| **III. MGA KAGAMITANG PANTURO AT PAMPAGKATUTO** | | | | |
| *A. Mga Sanggunian* | Edukasyon sa Pagpapakatao Modyul 2<br>Grade 7, pahina 2-20<br><br>Edukasyon sa Pagpapakatao | | | |



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | Modyul 1 Grade 10, 1-17<br><br>PIVOT 4A Learner's Material (Ikalawang Markahan EsP) | | | |
| B. *Iba pang Kagamitan* | • *freedom wall*<br>• kartolina/*manila paper*<br>• lapis o bolpen<br>• gunting<br>• *masking tape*<br>• *Powerpoint* tungkol sa *Freedom wall*<br>• Patatas/ Larawan ng Patatas | • lapis o bolpen<br>• art materials<br>• laptop at productivity tools<br>• cartolina/manila paper<br>• kahon at papel na nakarolyo kung saan nakasulat ang mga tanong. | • laptop kung papanoorin ang mga bata ng *video*<br>• *pocket wifi*<br>• *TV*<br>• kartolina/*manila paper*<br>• *pentel pen*<br>• • *tape*<br>• *Powerpoint presentation*<br>• Rubriks | Para sa may mga *gadgets* *<br>• *laptop o cellphone*<br>• *pocket wifi*<br>Para sa mga walang *gadgets*<br>• *bond paper*<br>• *manila paper*<br>• *pentel pen*<br>• *art materials* |
| **IV. MGA PAMARAANG PANTURO AT PAMPAGKATUTO** | | | | |
| **Bago Ituro ang Aralin** | | | | |
| *Panimulang Gawain* | Sabihin:<br><br>a. Noong nakaraang linggo napag-aralan natin ang isip at kilos-loob? Paano kaya ito nakaaapekto sa dignidad ng isang tao?<br><br>Ipagawa ang Gawain I **a.**Gamit ang **"Word** | 1. Magbalik-aral gamit ang estratehiyang MAYROON o WALA. Tayahin ang kanilang natutunan mula sa nakaraang aralin. Maaring gumamit ng face fan, showboard o di kaya gagawa ng isa pila sa gitna ang guro sa kaliwang bahagi ng pisara may nakalagay na WALA at sa kanang bahagi ng pisara may nakalagay na | Pangunahan ang isang maikling talakayan tungkol sa mga natutuhan mula sa nakaraang aralin ukol sa mga epekto ng hindi pagrespeto sa dignidad ng sarili at kapuwa. | 1. Itanong: "Ano ang inyong natutuhan sa inyong napanood na video kahapon? |



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | **Knowledge:Semantic Mapping"**, bigyan ng kahulugan ang salitang "dignidad" sa pamamagitan ng pagsulat ng mga salita o pamagat ng pelikulang Pilipino o linya sa pelikulang Pilipino na inyong napanood , na maaari ninyong iugnay rito. Gawin ito sa iyong kuwaderno. (maaaring gamitin ang mentimeter at gumawa ng word cloud, ibahagi ang link at ipakita ito sa klase.<br><br>**b**. Sabihin: Gamit ang Freedom Wall (Para sa Guro: Ipakita ang mga larawan gamit ang TV o Powerpoint Presentation. | MAYROON. Kung ano ang sagot ng guro tatalon siya sa kanan o kaliwa.<br><br>2. Kompletuhin ang pahayag upang makabuo ng konsepto ng dignidad ng tao. Isulat ang sagot sa kwaderno.<br><br>Ang dignidad ng tao ay ______________ mahalaga ito dahil__________mapapahalagahan ko ito sa pamamagitan ng ________. | | |




Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | Gumawa rin ng *Freedom* wall ang guro at bibigyan ang mga mag-aaral ng METACARDS. Isusulat ng mga mag-aaral ang kanilang sagot sa METACARDS at idikit sa Freedom Wall. Gamit ang Freedom Wall , ipasuri ang larawan A at larawan B. Ano ang nararamdaman ninyo sa bawat larawan? Paano ninyo sila pakikitunguhan kapag nakasalamuha?<br><br>**FREEDOM WALL**<br>**Larawan A**<br><br><br>**Larawan B** | | | |



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | <br>shutterstock.com · 1630858984 | | | |
| *Gawaing Paglalahad ng Layunin ng Aralin* | 1. Mula sa panimulang gawain , ilahad ang mga inaasahang aralin ayon sa lebel ng mag-aaral.<br><br>Sabihing:<br>Sa araw na ito ay:<br>a. bibigyang kahulugan natin ang salitang dignidad.<br>b. makikilala na ang dignidad ay ang batayan ng paggalang sa sarili, pamilya, at kapuwa.<br>c. susuriin ang kaugnayan ng isip at kilosloob sa dignidad ng tao<br>d. makikilahok sa malayang talakayan. | 1. Mula sa panimulang gawain ilahad ang mga Inaasahang aralin ayon sa lebel ng mag-aaral.<br><br>Sabihing:<br>Sa dulo ng araling ito ay:<br>a. naipapaliwanag natin ang dignidad ng tao bilang batayan ng paggalang sa sarili, pamilya, at kapuwa ay ang nagpapantay-pantay sa lahat ng tao dahil sa taglay niyang isip at kilos-loob, at ito ang nagbubunsod sa kaniya na gumawa nang mabuti.<br>b. makapaglalapat ng mga sariling kilos ng pagkilala sa dignidad ng sarili, pamilya, at kapuwa.<br>c. makikilahok sa malayang talakayan. | 1. Mula sa panimulang gawain ilahad ang mga inaasahang aralin ayon sa lebel ng mag-aaral.<br><br>Sabihing:<br>Sa araw na ito ay:<br>a. Iisa-isahin natin ang mga kongkretong paraan upang ipakita ang paggalang at pagmamalasakit sa mga taong kapus-palad at higit na nangangailangan at iuugnay din natin ang | 1. Mula sa panimulang gawain ilahad ang mga Inaasahang aralin ayon sa lebel ng mag-aaral.<br><br>Sabihing:<br>Sa huling araw ng ating talakayan patungkol sa dignidad ng tao ay:<br>a. ilalapat natin ang ating mga sariling kilos na nagpapakilala ng ating paggalang sa dignidad ng ating sarili, pamilya at kapuwa;<br>b. patutunayan din na ang paggalang sa kapuwa ay makatutulong sa kabutihang panlahat<br>c. uunawin natin sa pamamagitan ng aktibong pakikilahok sa mga gawain; at<br>d. makikilahok sa malayang talakayan.<br>2. |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | 2. Sa pamamagitan ng lakas ng palakpak, tayahin ang kahandaan ng mga mag-aaral. | 3. Sa pamamagitan ng lakas ng padyak, tayahin ang kahandaan ng mga mag-aaral | paggalang sa dignidad ng kapuwa ay paggalang din sa sariling dignidad.<br>b. maiuugnay ang paggalang sa dignidad ng kapuwa ay paggalang din sa sariling dignidad at<br>c. makikilahok sa malayang talakayan.<br><br>4. Sa pamamagitan ng pagandahan ng ngiti, tayahin ang kahandaan ng mga mag-aaral. | |
| *Gawaing Pag-unawa sa mga Susing-Salita/Parirala o Mahahalagang Konsepto sa Aralin* | Magdadala ng basket ang guro, lalagyan ito ng pangalan na **Basket ng Paggalang.**<br><br>Itanong sa mga bata: Kung may basket ng paggalang. Ano-ano ang mga katangian ng isang tao ang | Ipakita ang larawan ng patatas.<br> | | |



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | ilalagay mo sa basket upang mabigyan mo siya ng paggalang?<br>Bibigyan ko kayo ng METACARDS, dito ninyo isulat at ihulog sa Basket ng Paggalang.<br>1.Ang paggalang ba ay ibinibigay lamang sa mga taong may maayos na pananamit o may magandang mukha. Bakit?<br>2.Ibinibigay lamang ba ito sa mga taong may mataas na posisyon sa buhay?Pangatuwiranan.<br>3.Kung pangkaraniwang tao ka lamang o mahirap ang buhay, hindi ka ba karapat-dapat sa paggalang? Bakit?<br>4.Paano mo masasabing ang dignidad ng tao bilang batayan ng paggalang sa sarili, | Tulad ng isang patatas kapag iyong binalatan ay nangingitim  ngunit ito ay nananatiling patatas. Gayundin ang dignidad ng tao na hindi dapat nagbabago ang halaga anuman ang itsura nito. Anoman ang kaniyang kasuotan o estado sa buhay ay hindi dapat nagbabago ang paggalang o halaga niya bilang tao. | | |


Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | pamilya, at kapuwa ay ang nagpapantaysa lahat ng tao dahil sa taglay niyang isip at kilos-loob, at ito ang nagbubunsod sa kaniya na gumawa ng mabuti. | | | |
| **Habang Itinuturo ang Aralin** | | | | |
| *Pagbasa/ Pag-unawa sa mga Susing Ideya* | **Larawan-Suri:** Suriin ang bawat larawan. Sagutan ang sumusunod na tanong<br><br>1. Ano ba ang ibig sabihin ng DIGNIDAD?<br>2. Sino-sino ang nagtataglay nito? | 1. Sa nakaraang aralin, tinalakay natin ang paggalang at pagpapahalaga sa tao dahil sa taglay niyang dignidad.<br>2. Tulad ng sibuyas na kahit magbago ng anyo ay mananatiling sibuyas.<br>3. Ganoon din ang halaga ng isang tao. Anuman ang itsura, katangian at estado ng buhay ay mananatili siyang mahalaga.<br>4. Ipagawa ang Gawain 3 (Gawaing Sibuyas) bilang indibidwal na gawain. | | |


Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | 3. Nawawala ba ito sa isang tao?<br>4. Bilang isang mag-aaral, paano mo mahuhubog ang iyong dignidad?<br><br>Gawin ang Gawain 2 kasama ng mga kagrupo<br>a. | | | |
| *Pagpapaunlad ng Kaalaman at Kasanayan sa Mahahalagang Pag-unawa/ Susing Ideya* | 1. Ang dignidad ay likas na halaga ng tao na hindi na kailangang paghirapan.<br>2. Bawat nilalang, anuman ang pisikal na anyo, mental na kakayahan, material na yaman, antas ng edukasyon, o pangkat na kinabibilangan, ay may taglay na dignidad.<br>3. Ayon kay Sto. Tomas De Aquino, nagmula sa Diyos ang pagkakaroon ng dignidad ng isang tao. | **Pangkatang Gawain**<br>1. Pangkatin sa apat ang klase.<br>2. Gamit ang kasagutan sa indibidwal na gawain, pagsama-samahin ang mga kasagutan ng bawat kasapi ng pangkat at iuulat sa klase ang mga gabay na tanong.<br><br>Gabay na Tanong:<br>a. Bakit mahalagang igalang ang sarili?<br>b. Bakit mahalaga rin na igalang ang kapuwa?<br>c. Paano makatutulong ang pagiging magalang sa pang-araw-araw na pamumuhay? | **Pangkatang Gawain:**<br>1.Bilang patunay na iginagalang ninyo ang inyong kapwa, magbigay ng mga paraan upang maipakita ito sa pamamagitan ng isang dula.<br>2.Ang bawat pangkat ay bibigyang-buhay ang paggalang sa dignidad ng kapuwa.<br>3. Maaaring pumili o mag isip ng mga situwasyon na | |



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | Batay sa mga kasagutan ng bawat pangkat ay magkaroon ng maikling talakayan. | nagpapakita ng pagpapahalaga ng dignidad ng tao.<br><br>*I-proseso ang bawat dula ng mga mag-aaral.* | |
| *Pagpapalalim ng Kaalaman at Kasanayan sa Mahahalagang Pag-unawa/ Susing Ideya* | 1. Ang dignidad ay hindi nawawala sa sino mang tao.<br>2. Ang dignidad ay hindi katulad ng reputasyon.<br>3. Ang reputasyon ay nakabatay ayon sa pagtingin ng iba o ng kapuwa.<br>4. Ang dignidad ay hindi maaaring mapataas o mapababa dahil lamang sa kilos, kasarian, lahi, relihiyon, edukasyon o kalagayan sa buhay. | 1. Suriin ang mga sumusunod na sitwasyon at tukuyin kung ito ay nagpapakita ng paggalang sa dignidad at ibigay ang maaaring maging mga epekto nito.<br><br>2**. Paggalang sa sarili :**<br>a. Ako ay pumapasok sa paaralan araw-araw at lumiliban lamang kung kinakailangan.<br>b. Sumasama ka sa mga kaibigang umiinom at naninigarilyo.<br>c. Nanonood ka at nagbabasa ng mga mahahalay na babasahin at panoorin.<br>d. Sinisigurado ni nanay na nakakakain kami ng gulay araw-araw. | **Malayang Talakayan:**<br>Mga paraan upang maipakita ang pagpapahalaga sa dignidad:<br>1. Ipakita ang respeto sa iba at tratuhin sila kung paano mo nais na tratuhin ka nila.<br>2. Maging magalang sa pananalita. Iwasan ang mapanakit na pahayag.<br>3. Igalang ang pananaw ng iba. Huwag ipilit ang pansariling opinyon. | **Malayang Talakayan:**<br>1. Magbigay ng mga halimbawa ng tiyak na Gawain na magpapakilala ng ating paggalang sa dignidad ng:<br>a. Sarili<br>b. Pamilya<br>c. Kapuwa<br><br>Iugnay ang kasagutan ng mga mag-aaral sa kabutihang panlahat. |



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | e. Madalas kang magpuyat at hindi kumakain sa tamang oras dahil sa paggamit ng gadget.<br><br>3. **Paggalang sa kapuwa:**<br>a. Sumasagot nang pabalang sa nakatatanda sa iyo.<br>b. Nakikipag-away sa mga kaklase at kaibigan.<br>c. Kumukuha ng gamit na hindi naman sa iyo.<br>d. Hindi nakikinig sa payo ng mga magulang.<br>e. Nagmumura at nanghahamak ng mga may kapansanan.<br>f. Magkaroon ng malayang talakayan patungkol sa epekto ng hindi paggalang sa dignidad. | 4. Magtiwala upang pagkatiwalaan.<br>5. Magpakita ng pagtulong o suporta sa iba sa pamamagitan ng pag-aalok ng iyong oras, kaalaman, o moral na suporta.<br>6. Mag-isip muna bago magpasiya o kumilos.<br>7. Tingnan ang kapuwa bilang kapantay. Iwasan maging mapangmata.<br>8. Maging sensitibo sa nararamdaman ng iba. Igalang ang emosiyon.<br>9. Mahalin ang sarili at kapuwa. Huwag manira ng kapuwa. | |
| **Pagkatapos Ituro ang Aralin** | | | | |



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| *Paglalapat at Paglalahat* | Ang bawat tao ay may taglay na ________ mula sa Diyos kaya't anomang ang itsura, estado sa buhay, paniniwala at katangian ng ____ ay karapat-dapat siyang mabigyan ng _______ at pagpapahalaga. | Pag-usapan ang diwa ng kasabihang, "Respect Begets Respect" o Ang Respeto o Paggalang ay Umaani ng Parehong Paggalang. | Madalas ay tumitingin ang tao sa kalagayang panlipunan, antas ng pinag-aralan, pangkat o lahing kinabibilangan, at iba pang panlabas na batayan. Ito'y bahagi lamang ng reputasyon subalit hindi nito nababawasan ang iyong dangal. | Ang dignidad ng tao ang batayan ng paggalang sa sarili, pamilya, at kapuwa.<br>Ito ang batayan ng pag-unawa at pagpapahalaga sa halaga ng bawat indibidwal. Paano mo maisasama ang prinsipyo ng dignidad ng tao sa iyong pang-araw-araw na buhay at pakikipagkapwa-tao?<br>Magbigay ng limang plano kung paano mo maipapakita araw-araw ang paggalang sa dignidad ng iyong kapwa. Isulat ito sa iyong kwaderno.<br>1.<br>2.<br>3.<br>4.<br>5. |
| *Pagtataya ng Natutuhan* | 1. Ang dignidad ng tao ay______________ mapapahalagahan mo ito sa pamamagitan ng ______________. | Magbigay ng halimbawa ng pagpapakita ng paggalang sa dignidad ng tao. Ipakita ang iba't-ibang paraan kung paano ito maaaring maipakita.<br>1.<br>2.<br>3. | Gumawa ng maikling tula ng may tatlong saknong na nagpapahayag ng pagpapahalaga sa dignidad ng tao | 1. Ipasagot sa mga mag-aaral ang Lagumang Pagsusulit. |
| *Mga Dagdag na Gawain para sa Paglalapat o para sa Remediation (kung nararapat)* | | Magbigay ng seminar/workshop sa mga piling mag-aaral tungkol sa inclusivity, malasakit, at paggalang sa kapwa. Maghanap ng expert sa larangang ito. | Mag-organisa ng human rights and dignity awareness sa pamamagitan ng paggawa ng posters at idikit | Panoorin ang video at sagutin ang sumusunod na tanong sa inyong kwaderno. Humanda sa isang talakayan.<br><br>https://youtu.be/QMnEP2DYfmI?si=0erJ3GesJpaO06qD |


Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | | sa loob ng paaralan. | 1. Paano naipakita ng mga karakter sa inyong pinanood ang pagpapahalaga sa kapwa?<br>2. Maaari mo bang ibahagi sa klase ang iyong sariling karanasan na kung saan ay naipakita mo ang paggalang at pagpapahalaga sa iyong kapwa? |
| *Mga Tala* | | | | |
| *Repleksiyon* | | | | |



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph